● Karamihan ay baguhan din!
2 City 1 Town
(Fujimi City・Fujimino City・Miyoshi Town)

Pag-aaral ng Computer sa mga public centers

Sa panahong ngayon, ang computer ay nagiging parte ng ating pang-araw araw na buhay. . Kailangan tayong makisabay sa panahon kung kaya't kailangan natin matutong gumamit nito. Subalit marami ang walang gaanong panggastos para mag-aral at iyong iba naman ay nag-aalangang mag-aral. Sa isyung ito ay tatalakayin ang tungkol sa mga halos libreng mga computer classes dito sa ating bayan at sa malapit na mga public centers sa karatig bayan.

Listahan ng mga Computer Classes (2 o 4 na beses isang buwan)

Fujimi City

Tsuruse West Exchange Center for Computer Class	Tsuruse West Exchange Center	049-251-2791	Ika-1, ika-3 Martes 10:00 ～ 11:30 (morning)	Tsuruse Station 7mins lakad
Tsuruse Community Center Computer Class	Tsuruse Community Center	049-251-1140	Tuwing Miyerkules 10:00～12:00	Tsuruse Stn 15mins lakad
Mizutani Community Center Computer Class	Mizutani Community Center	049-251-1129	Tuwing Miyerkules (wala sa ika 5 week) 14:00～16:00	Muzuhodai Stn. 10 mins lakad
Mizutani East Community Center Computer Class	Mizutani East Community Center	048-473-8717	Tuwing Martes 10:00～12:00	Yanasegawa Stn. 10 mins lakad

Fujimino City

ＰＩＰＩ(Representative・Nohara) 049―262-1875	Ooi General Welfare Center	049-266-1111	Tuwing Biernes (Word) Tuwing Huwebe(Excel) 10:00～12:00	¥2000 -baya para sa 1 tao

The Library of Fujimino City Kamifukuoka Brunch（049－262－3710）⇒ Beginner・intermediate Computer Class

●Pebrero 14 ～16 May bayad na ￥２，１００ (Ang pag-apply ay may kondisyon. Maaari lamang ay kontakin o tumawag sa Aklatan o library.

Fujimino International Cultural Exchange Center（049－256－4290）⇒ Computer Class

● Dito din sa center(FICEC) ay may klase ng computer 2 beses isang buwan. Ang detalye tungkol sa iskedyul at uri ng klase o pag-aaral ay ipinapaalam 1 buwan bago ang iskedyul. Kung nais ninyong sumali, tumawag lamang para sa susunod na iskedyul.

Miyoshi Town

Computer at pag-aaral ng Nihonggo－Computer Class para sa mga banyaga (Pamamahala -Kuge)	Chikumazawa Community Center (Kuge ・ Tumawag pagkalampas ng 5pm)	049-259-8311 049-259-2093	Tuwing Linggo 10:00～12:00	￥ ５００ kada buwan

Miyoshi Municipal Central Community Center（049－258－0050）⇒ Matuto tayo - Computer Class

● Pebrero ９ ～１２　Textbook (Word)　１０００ yen
● Pebrero １３～１６　Textbook (Excel)　１０００ yen
(Ang pag-apply ay may kondisyon. Tumawag lamang sa community center para sa detalye)

Miyoshi Municipal Fujikubo Community Center（049－259－8311）⇒ Matuto tayo- Computer Class

● Pebrero ９ ～１２　Textbook (Word)　１０００ yen
● Pebrero １３～１６　Textbook (Excel)　１０００ yen
(Ang pag-apply ay may kondisyon. Tumawag lamang sa community center para sa detalye)

Suporta para sa pagpareserba ibibigay para sa Single-Parent Family

Magbibigay ng suportang allowance para sa pagpapareserba sa eskuwelahan ang munisipyo ng Fujimino city para sa mga residenteng single-parent ang pamilya at may anak na papasok sa high school ngayong Abril. Ang halaga ay ¥30,000.

★ **Sino ang tatangap・・**①mga residenteng nakarehistro (kung banyaga,dapat ay nakarehistro) dito sa Fujimino ②May tax exemption at may anak na papasok sa Abril (hindi puwede ang pamilyang tumatanggap na ng suporta sa munisipyo) ③Single-mother,Single-father,o Guardian(tagapag-alaga)para sa mga batang na-ulila o kung hindi makapagtrabaho (may malubhang kapinsanan mental o pisikal ang asawa) ④Kung hindi nakakuha ng reserbasyon sa papapasukang paaralan.

★**Paano ang pag-apply・・**Kailangang isumite ang mga dokumentong kailangan hanggang March 12 (Lunes)①Kopya ng sertipikasyon bilang residente ng mga miyembro ng pamilya ②Kopya ng sertipikasyon ng pagtanggap ng suporta ng bata o sertipikasyon bilang naiwang kapamilya ng pensyonado o rehistrasyon ng pamilya. Sulat ng pagtanggap galing sa eskuwelahan ④ Iba pang katibayan ng inyong pinansyal ng kalagayan

★**Mag-apply sa・・**Fujimino City Child Rearing Support Division (Phone ２６１－２６１１ Extension １９５) o kaya sa Ooi General Branch Child Rearing Support Division (Phone ２６１－２８１１ Extension ４０７０)

Orientasyon para sa may anak na papasok sa elem. at Jr. high sch.

Sa mga eskuwelahan ng Fujimi, Fujimino at Miyoshi ay idaraos ang mga orientasyon para sa mga magulang na may anak na papasok sa elementarya o sekondarya (junior high school). Inirerekomenda naming dumalo kayo para sa mga impormasyong inyong malalaman tungkol sa papasukang eskuwelahan ng inyong anak. Kung wala pa kayong natatanggap na imbitasyon, kontakin lamang ang eskuwelahan o educational division, public office. Kung nag-aalala kayo at di kayo gaanong marunong ng Nihonggo tumawag o magtungo lamang sa center(Fujimino International Cultural Exchange Center.)
TEL. ０４９－２６９－６４５０